**LUNSOD NG SAN DIEGO**
**Miyembro ng Konseho – Distrito 2**



**KENNAN KAEDER**
**Abugado sa Negosyo ng San Diego**

"Nagtrabaho akong kasama si Kennan upang linisin ang mga dalampasigan at look; pangalagaan ang mga kapitbahayan; itigil ang sobrang pagtatayo; pahusayin ang kaligtasan ng publiko."

-Lori Saldana, Miyembro ng Asembleya ng Estado.

IBALIK ANG ETIKA

- Bukas na pamahalaan. **Tapusin ang mga Sesyon ng Saradong Pagpupulong.**
- Walang lihim, patagong pakikipag-ayos.
- **Malilinis na Halalan.** Pagtustos para sa pagtanggi sa mga kontribusyon sa kampanya ng espesyal na interes.

*Ang sikat ng araw ay ang pinakamahusay na pamatay ng mga mikrobyo.*

PROTEKTAHAN ANG ATING MGA DALAMPASIGAN AT BAYBAY-DAGAT.

Ang 30-talampakan na limitasyon sa taas ay nanganganib. Ang mga tagapagtayo ay gagawin ang ating baybay-dagat na Waikiki o Miami at sisirain ang mga komunidad ng isang pamilya sa sobrang laking mga proyektong kondominyum.

**Lalabanan ni Kennan ang mga tagapagtayo at protektahan ang ating mga kapitbahayan at dalampasigan.**

AYUSIN ANG PROBLEMA SA PANANALAPI.

- Isang abugado sa negosyo, si Kennan ay magdadala ng matatalinong patakaran sa pananalapi sa Tanggapan ng Lunsod.
- Balansehin ang badyet: Ayusin ang pensiyon. **Ang lunsod ay hindi makakagasta ng higit sa kinikita nito.**

Si Kennan ay makikipagtulungan sa Alkalde at lahat ng mga partido sa Plano sa Pagbangon sa Pananalapi ng San Diego. Upang lutasin ang mga problema ang bawat isa ay dapat lumahok.

LIDER NG KOMUNIDAD.

22 taon nang residente ng Pacific Beach. Lider para sa **Malilinis na Dalampasigan** at pagpapatigil sa sobrang pagtatayo. Tagapagtaguyod ng inisyatibong **Malilinis na Halalan**.

Sinusuportahan ng: Mga Guro, Nars, Bumbero, Mga Miyembro ng Lupon sa Pagpaplano ng Komunidad, mga Tagapangalaga ng Kapaligiran, May-ari ng Maliiit na Negosyo at libu-libo ng ating mga kapitbahay.

**Kennan Kaeder para sa Konseho ng Lunsod**
**Maninindigan Para sa Ating mga Kapitbahayan**
***KennanKaederforCityCouncil.com***

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Miyembro ng Konseho – Distrito 2



**KEVIN FAULCONER**
**Miyembro ng Konseho ng Lunsod**

**Inirerekomenda:**

**ni Alkalde Jerry Sanders**
**ng Mga Bumbero ng Lunsod ng San Diego**
**Kapisanan ng mga Opisyal ng Pulisya ng San Diego**
**ni Serip Bill Kolender**
**Abugado ng Distrito Bonnie Dumanis**

*"Miyembro ng Konseho Kevin Faulconer ay nangunguna sa pagsisikap na repormahin ang Tanggapan ng Lunsod. Nakapagtatag na siya ng solidong rekord ng pagkuha ng mga resulta para sa ating mga kapitbahayan at paglaban sa mga espesyal na interes."*

Alkalde Jerry Sanders

**NIREREPORMA ANG PANANALAPI AT ETIKA**

Boboto ako upang tulungan si Alkalde Sanders na ayusin ang Tanggapan ng Lunsod upang magkaroon tayo ng bawat dolyar na kailangan natin para sa pulisya, bumbero, at pagpapanatili ng parke. Sinusuportahan ko ang mga mungkahi ni Alkalde Sander upang **balansehin ang badyet, ayusin ng krisis ng pensiyon**, at **ibalik ang mga etika**.

**NILALABANAN ANG MGA ESPESYAL NA INTERES**

Pinatagil ko ang pamimigay ng lunsod ng higit sa $90,000,000. Ngayon ang mga tagapagtayo ay nagbabayad ng kanilang makatwirang kabahagi upang pondohan ang mga parke para sa ating mga bata.

**PINAMAMALAGING LIGTAS ANG MGA PAMILYA**

Ang pagkakaroon ng sapat na mga opisyal ng pulisya, mga bumbero at parademiko ay laging magiging pangunahing prayoridad ko.

**PINOPROTEKTAHAN ANG MGA KAPITBAHAYAN AT SA KAPALIGIRAN**

Bumoto ako para sa 6 na bagong parke ng komunidad. Ako ay nagtatrabaho upang protektahan ang ating mga malalaking lambak, dalampasigan at look.

**KARANASAN AT PAGTATALAGA NG SARILI UPANG PAGLINGKURAN ANG SAN DIEGO**

- Tagapangalaga ng Mission Bay Park
- Miyembro ng Lupon ng Parke at Libangan ng San Diego
- Lokal na negosyante

Ang aking asawa, si Katherine, may-ari ng isang maliit na negosyo, at naninirahan sa Point Loma kasama ng aking mga anak, si Jack (4) at Lauren (2).

**www.KevinFaulconer.org**

[0720.doc]

# LUNSOD NG SAN DIEGO
## Miyembro ng Konseho – Distrito 4



**TONY YOUNG**
**para sa Konseho ng Lunsod**

***Masipag na Nagtatrabaho para sa Ating Komunidad!***

Miyembro ng Konseho Tony Young ay nagkakaloob sa ating komunidad ng pamumuno at masipag na nagtatrabaho upang lumikha ng mga trabaho upang protektahan ang ating mga kapitbahayan at edukahan ang ating mga bata.

**Nilalabanan ang mga Gang at pinoprotektahan ang mga Kapitbahayan.** Pagkatapos na ang isang grupo ng gusaling paupahan ay guluhin ng karahasan ng gang, inorganisa ni Tony ang mga ahensiya ng kaligtasan ng publiko at kumuha ng mga tagatulong upang lutasin ang problema. Ang gawain ni Tony ay nagbawas ng mga insidenteng may kaugnayan sa gang.

**Lumilikha ng mga Trabaho sa Ating Komunidad.** Si Tony ay nagtatrabahong kasama ng mga lider ng negosyo at komunidad upang magdala ng mga negosyo sa ating Distrito. Sa nakaraang taon nagkaroon tayo ng mga bagong restoran, mga bagong nagtitingi at mga bangko. Ang mga negosyo ay namumuhunan sa komunidad at nagdadala ng mga trabaho sa komunidad.

**Nagtuturo sa mga Bata at Tinitiyak ang Kanilang Kaligtasan.** Isang dating guro ng paaralan, alam ni Tony kung gaano kahalaga na tiyakin na nakukuha ng ating mga anak ang kailangan nila. Si Tony ay nakipaglaban at ibinalik ang pagpopondo sa 6-hanggang-6 na Programa para sa mga paaralan sa ating Distrito. Ibinalik din ni Tony ang pera upang panatilihing bukas ang ating mga parke at aklatan.

**Nagtatayo ng mga Kailangang Pabahay.** Ang muling pagpapasigla ng komunidad ay nagbabawas ng krimen, lumilikha ng mga trabaho at nagkakaloob ng pabahay. Si Tony ay lumikha ng bagong magkahalong-gamit na muling pagpapasigla at abot-kayang mga proyektong pabahay. Si Tony ay nagkakaloob ng mga sentro at kakayahan para sa ating mga nakatatanda.

**Ang mga Opisyal ng Pulisya ay Sinusuportahan si Tony Young para sa Konseho ng Lunsod.**

# LUNSOD NG SAN DIEGO
## Miyembro ng Konseho – Distrito 4



**BRUCE WILLIAMS**
**Lider ng Komunidad**

Mahal na Botante ng Distrito 4:

Ako ay katulad lamang ninyo. Namumuhay ako, sumasamba, namimili at may pamilya sa ika-4 na Distrito.

Ako ay isang kandidato para sa konseho ng lunsod dahil mahal ko ang komunidad na ito at gustong makita na ang lunsod ay maayos na gumaganap.

**Alam ko na makakagawa tayo ng mas mabuti.**

Lumaki ako rito, nag-aral sa Paaralang Elementarya ng Knox at Mataas na Paaralan ng Morse. Gusto ko ng pinakamahusay para sa aking pamilya, mga kapitbahay at distrito.

Magtatrabaho ako para sa isang malakas na kagawaran ng pulisya na pinagkakatiwalaan at iginagalang.

Magtatrabaho ako upang pahusayin ang ating impra-istruktura, akitin ang mga bagong negosyo at magdala ng mga pagkakataon upang pahusayin ang ating mga lumang pabahay.

Ang Distrito Apat ay may natatanging pagkakaiba-iba. Ang aking mga tauhan ay magpapakita at tutugon sa pagkakaiba-ibang iyon dahil **lahat** ng ating mga residente ay nararapat at tatatangap ng pinakamataas na antas ng serbisyo sa mamamayan. Ibabalik ko ang tiwala sa kakayahan ng opisina ng Konseho upang lutasin ang ating mga problema.

Ako ay may higit sa siyam na taong karanasan sa Tanggapan ng Lunsod. Ako ay naglingkod bilang isa sa mga tauhan ng isang Miyembro ng Asembleya ng Estado, isang Superbisor ng County, at isang Miyembro ng Konseho ng Estados Unidos. Ako ay may Digring Master sa Pampublikong Patakaran at Digring Batsilyer sa Agham na Pampulitika.

**Mangyaring iboto ako, si Bruce Williams, para sa Konseho ng Lunsod. Hindi ko kayo bibiguin.**
[0740.doc]

# LUNSOD NG SAN DIEGO
## Miyembro ng Konseho – Distrito 6



**JUDY C. RIDDLE**
**Boluntaryo ng Komunidad**

Si Judy Riddle ay 45 na taon nang naninirahan sa Clairemont. Siya ay nagtapos mula sa Mataas na Paaralan ng Clairemont at nag-aral sa Kolehiyo ng Mesa at Unibersidad ng Estado sa San Diego.

Si Judy at ang kanyang asawang si Ben ay nagpalaki ng 10 anak sa ating kapitbahayan. Si Judy ay gumugol ng karamihan sa kanyang buhay bilang may sapat na gulang sa tunay na mundong badyet ng isang malaking sambahayan. Naiintindihan niya ang kailangan upang gumawa ng badyet at sundin ito.

Si Judy ay naniniwala na dapat tayong humingi ng pinakamahusay mula sa mga tao na inihalal natin upang katawanin tayo. Tulad natin, sawa na siya sa mga pulitiko na nagsasabi ng isang bagay at ginagawa ang ibang bagay.

Hindi pangkaraniwan sa mga araw na ito pero si **Judy ay ang tunay na bagay: isang mamamayan na gustong gawin ang tamang bagay**. Siya ay hindi nabibili at ibinebenta ng mga espesyal na interes at siya ay hindi bahagi ng problema.

Bilang inyong miyembro ng konseho, si Judy ay:

SUSUPORTA sa plano ni Alkalde Sander para sa reporma sa pananalapi at etika sa Tanggapan ng Lunsod.

SASALUNGAT sa mga buwis – ang tunay na problema ay ang maaksayang paggasta ng mga pulitiko ng lunsod.

SUSUPORTA sa pagpopondo ng pulisya at proteksiyon sa sunog sa ating komunidad bilang una, hindi huli.

SASALUNGATIN ang pagtataas ng suweldo para sa mga pulitiko ng downtown.

SUSUPORTAHAN ang pagpapalawak ng ating mga parke at pangangalaga ng ating mga dalampasigan at mga basang-lupa.

Kung ikaw ay may mga katanungan, mangyaring tawagan si Judy sa kanyang numero sa bahay 858-560-0222 o bisitahin ang www.judyriddle.org.

**LUNSOD NG SAN DIEGO**
**Miyembro ng Konseho – Distrito 6**



**SANDY (SANDMAN) SUMMERS**
**Bantay ng Lunsod**

## Naniniwala ako

**Naniniwala ako** na ang "Konstitusyon ng Estados Unidos ng Amerika" ay ang pangunahing kagamitan na ipinagkaloob sa atin ng lumikha sa atin upang tayo ay maging mga sibilisadong tao balang araw.

**Naniniwala ako** na ang tanging mga bagay na kinatatakutan ng mga pulitiko bukod sa pagkahantad sa kanilang pagbabalatkayo ay katotohanan, kahirapan at kahihiyan.

**Naniniwala ako** na ang Machiavellianismo ay ang hagupit ng demokrasya at ang paggamit nito ay naging hindi sinasalita, hindi nakasulat na tuntunin ng tinatanggap na patakaran ng pamahalan na nakakaimpekta sa buong katawang pampulitika ng San Diego.

**Naniniwala ako** na ang ating mga kulungan ay dapat na lugar ng mga baluktot na pulitiko at ibang mga kriminal at hindi ang mga bartolina para sa mga makabayang salungat kasalukuyang kalagayan.

**Naniniwala ako** sa ating pulisya para sa tanging layunin na protektahan ang mga tao, at hindi dapat gamitin upang ipatupad ang kagustuhan ng makapangyarihan at tiwali.

**Naniniwala ako** na dahil pinipigil ng paniniil mula sa ating sariling pamahalaan ay ginagawa akong perpektong mapipili upang tanggalin ang dumi sa palayok ng kamara sa tanggapan ng lunsod, karaniwang tinatawag na "mga kamara ng konseho."

**Nangangako ako** na sa pagkakaroon ko ng mas maraming posas kaysa kay Houdini bilang ganti sa pag-uulat ng malubhang maling gawain sa ating sistema ng katarungan ay ginagawa akong hindi mapagdududahan pagkaraan ng masusing pagsusuri.

**Ako,si** **Sandy Summers** ay maghahantad ng pagbabalatkayo! !

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Miyembro ng Konseho – Distrito 6



**DONNA FRYE**
**Miyembro ng Konseho, Negosyante**

---

"Si Donna Frye ay matapat na naglingkod sa mga manghahalal ng Ikaanim na Distrito sa kanyang panunungkulan. Nagawa niya ang marami sa pagkatawan ng kanilang mga inaalala sa harap ng Konseho ng Lunsod."

- Alkalde Jerry Sanders

---

SI DONNA FRYE AY ISANG MAKARANASANG LIDER NA KILALA NINYO AT MAPAGKAKATIWALAAN

SA MGA PAGPAPAHUSAY NG KAPITBAHAYAN AY KABILANG ANG :

- Mga hakbang upang pakalmahin ang trapiko
- Mga pagkumpuni ng kalye at bangketa
- Mga programang seguridad sa bahay para sa mga nakatatanda
- Pagtatanim ng punongkahoy at paglilinis ng komunidad
- Pinahusay na daan sa paggamit ng mga nakatatanda at baldado
- Proyektong Pagpapahusay ng panggitna ng Balboa Avenue
- Mga pagpapahusay ng Lote ng Maliit na Bata ng Clairemont
- Mga pagpapahusay sa Lupa ng Palakasan ng Silangang Clairemont
- Pagpapalawak ng Sentro ng Kalikasan ng Tecolote
- Tagapayo sa Pabahay ng Linda Vista
- Silver Terrace Park at Lote ng Maliiit na Bata
- Pro-aktibong pagpapatupad ng kodigo sa Linda Vista
- Aklatan at Istasyon ng Bumbero sa Mission Valley
- Mga Landas sa Pamimisikleta sa Ilog ng San Diego
- Aklatan ng Serra Mesa/Kearny
- Dedikasyon sa Bukas na Espasyo ng Ruffin Canyon
- Mga pagpapahusay sa Lote ng Maliit na Bata ng Serra Mesa Community Park

SI DONNA FRYE AY MAY TAMANG KARANASAN AT EDUKASYON

- Residente ng San Diego mula noong 1957
- Matagumpay na May-ari ng Maliit na Negosyo mula noong 1988
- Batsilyer ng Pangangasiwa ng Negosyo
- Tagapagtaguyod ng Komunidad/Boluntaryo sa higit sa 20 taon
- Babae ng Taon, 2004 ng Senado ng Estado ng California
- Tagapangulo, Konserbansiya ng Ilog San Diego

Sinusuportahan ng Liga ng mga Botante ng Konserbasyon ng San Diego at
Kapisanan ng mga Opisyal ng Pulisya ng San Diego
www.DonnaFryeForCouncil.com

[0760.doc]

**LUNSOD NG SAN DIEGO**
**Miyembro ng Konseho – Distrito 8**



**BEN HUESO**
**Miyembro ng Konseho ng Ika-8 Distrito**

"Bilang buong-buhay na residente ng Distrito 8, nagtrabaho ako ng maraming taon upang pahusayin ang ating mga komunidad. Bilang magulang ng apat na lalaki, patuloy kong uunahin ang ating mga kapitbahay habang pinananatili ang ating lunsod na ligtas at kasiya-siya para sa lahat ng mga pamilya."

-Miyembro ng Konseho Ben Hueso

Si Ben Hueso ay inihalal noong Enero 10 upang tumulong na pamunuan ang ating lunsod pabalik sa katatagan sa pananalapi habang pinananatili ang mahahalagang serbisyo sa ating mga kapitbahayan.

Tulungan natin si Ben na ipagpatuloy ang mahalagang gawain na ginagawa niya.

**Nagawa na ni Ben Hueso na:**

- Kumuha ng mas malaking pagpopondo para sa pagpalitada ng kalye at mga pagpapalit ng alkantarilya;
- Sinimulan ang trabaho upang palakasin ang mga batas sa etika;
- Inorganisa ang agresibong programang paglilinis ng komunidad;
- Hinarap ang mga pagpapahusay na dating naantala sa ating distrito.

**Si Ben Hueso ay gumaganap ng mahahalagang tungkulin sa Tanggapan ng Lunsod:**

- Komite sa mga Serbisyo sa Kaligtasan ng Publiko at Kapitbahayan-upang pahusayin ang kaligtasan ng komunidad;
- Komite sa Paggamit ng Lupa at Pabahay- upang lumikha ng mahusay na abot-kayang pabahay;
- Pagtutulungan ng Lakas Paggawa ng San Diego- upang limikha ng mga trabahong magaganda ang suweldo;
- Komite sa Likas na Kayamanan at Kultura-upang protektahan ang mahahalagang likas na kayamanan;
- Programang SAFE-upang pahusayin ang kaligtasan ng tsuper;
- SANDAG na Komisyon sa Hangganan-upang harapin ang mahahalagang isyu sa hangganan;
- Panrehiyong Parke ng Otay River Valley-upang panatilihin ang panlibangan at bukas na espasyo;
- Programang Pagpapagaan ng Epekto ng mga Iniwang Sasakyan upang linisin ang ating mga kapitbahayan.

**Sumama sa mga Opisyal ng Pulisya, Bumbero at maraming iba pa sa**
**MULING PAGHALAL KAY MIYEMBRO NG KONSEHO BEN HUESO**

# LUNSOD NG SAN DIEGO
## Miyembro ng Konseho – Distrito 8



**TIM GOMEZ**
**Negosyante**
**Lider**

Sa mga Mamamayan ng Distrito 8:

**Ang San Diego ay ang Pinakamahusay na Lunsod ng Amerika!**

Ikinararangal kong tawaging tahanan ang Distrito 8. Ako ay lumaki sa pamamagitan ng mga paaralan sa Distrito 8 at nagtapos mula sa Mataas na Paaralan ng Montgomery. Sa panahon na ang ating komunidad ay humaharap sa ilang tunay na mabibigat na hamon at mga limitadong kakayahan, ang mga mamamayan ng Distrito 8 ay nangangailangan ng subok na pamumuno na pinagsasama ang bisyon, praktikal na karanasan at kakayahan upang lumikha ng mga positibong resulta.

Ang tagumpay ay hindi dumarating sa dami ng malalaking gusali na itinatayo natin kundi sa halaga at kalidad ng buhay ng mga tao. Sa aking karanasan ay kabilang ang mga dekada ng pamumuno sa komunidad at pagtatalaga ng sarili sa mga tradisyunal na pinahahalagahan. Nagsanay ako ng beysbol ng Maliit na Liga, soccer ng mga batang babae na AYSO, naglingkod bilang miyembro ng lupon ng Tirahan ng Humanidad at nag-ari ng aking sariling negosyo.

Ang bukas na komunikasyon sa mga mamamayan, kaligtasan ng publiko, mga pagpapahusay sa impra-istruktura, edukasyon, mga trabaho at pabahay ay magiging pangunahing prayoridad ko. Ipinangangako ko ang diretsong salita at malaking dosis ng sentido komun kung mahahalal ako bilang inyong Miyembro ng Konseho. Hindi ako isang pulitiko, isa lamang ordinaryong mamamayan na handang maglingkod sa komunidad na nagbigay sa akin na napakarami. Sana'y patuloy na pagpalain ng Diyos ang San Diego!

**LUNSOD NG SAN DIEGO**
**Miyembro ng Konseho – Distrito 8**



**REMY BERMÚDEZ**
**Guro**

**Naiintindihan ko kung paano gumagana ang pamahalaan ng lunsod at pagaganahin ko ito para sa ating mga komunidad. Hayaan ninyo akong maging tinig ninyo!**

- **PINAGDAANAN:**
  - 29 Taon: Residente ng San Diego/Tagapagtaguyod ng Komunidad.
  - 19 Taon: May-ari ng bahay sa Sherman Heights.
  - 6 Taon: Guro sa Paaralan.
  - 20+ Taon: Pagpapaunlad ng Komunidad/Ekonomiya para sa pamahalaan ng lunsod ng San Diego/ rehiyon/estado.
  - Direktor/Tagapayo Tagasanay para sa mga Kampo sa Tag-init na naglilingkod sa mga Pamilya ng Militar sa Ibayong Dagat.
  - Nagtapos sa SDSU: B-CLAD Kredensiyal sa Pagtuturo; Master - Pagpaplano ng Lunsod; at Agham na Panlipunan B.A.

**Ako ay nagtatalaga ng sarili para sa:**

- **PROTEKSIYON NG KAPITBAHAYAN:**
  - Maglaan ng mga karagdagang kakayahan sa pulisya, mga bumbero at mga programa sa kaligtasan ng publiko.
  - Ilawan ang mga kalye at eskinita.
  - Kumpunihin at panatilihin ang mga kalye/bangketa/punongkahoy.
  - Tanggalin ang grapiti/usigin ang mga nagkasala sa paggawa ng grapiti.
  - Magtrabahong kasama ng panrehiyon at pang-estadong mga opisyal para sa mga pagpapahusay ng daan at impra-istruktura.
- **MATAPAT NA PAMAHALAAN:**
  - Tapusin ang gawain gaya ng karaniwan.
  - Mamahala nang may integridad, katapatan at kalinawan.
  - Alisin ang maaksayang paggasta ng pamahalaan/dalhin ang mga kita sa mga kailangang serbisyo.
  - Mag-atas ng madaling maintindihang pampubliko, tuwing tatlong buwan na ulat sa badyet.
- **MGA PAMILYA MUNA**
  - Pagpapaunlad ng ekonomiya at paglikha ng trabaho para sa mga masisigla at masasaganang komunidad.
  - "Magkahalong Paggamit/Magkahalong Kita" na pangkomersiyo/pabahay na pagtatayo.
  - Mga ligtas na lugar upang maglaro, mamili, mamuhay, mag-aral.
  - Mga pagtutulungan ng distrito ng paaralan para sa mga maliliit na parke at magkakaibang henerasyon na pagtuturo/paggabay pagkalabas ng paaralan.

**"Si Remy ay makikinig at tutugon sa lahat ng mga inaalala," Kathy Vandenheuvel, PE, Inhinyero Sibil**

**INTEGRIDAD, KAKAYAHAN, PAGTATALAGA NG SARILI, PAGHAHATID**

**RemyForCouncil.com ∞ 619/232-5523**